REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

TOMO XIII – ISYU 1 ENERO-ABRIL 2026

EDITORYAL

# Sagpangin ang tumatalim na krisis panlipunan sa isla ng Mindoro! Tumungo sa masa at pamunuan ang kanilang pakikibaka tungo sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan!

**Niyuyugyog ng walang kaparis na krisis ang naghaharing sistema sa loob at labas ng bansa**. Ang imperyalismo ay nagiging mapangwasak dahil sa di malutas at di matakasang krisis ng labis na produksyon. Bilang solusyon, bumabaling ang mga imperyalistang bansa sa mga gerang pananakop. Pasimuno sa paghahasik ng gera at kaguluhan sa buong mundo ang imperyalismong US. Pinakahuling sumiklab na armadong sigalot ang walang hiyang pananalakay nito sa Iran. Layunin ng US na kontrolin ang yamang langis ng Iran na isa sa pinakamalaking prodyuser nito. Karugtong nito ang intensyon na pagputol sa suplay ng langis ng karibal nitong China na mayor naman na taga-import ng langis ng Iran.




Sa pagputok ng gera sa Iran, tumubo ng bilyun-bilyong dolyar ang US sa ibinunsod na mabilis at malakihang pagtaas ng presyo ng langis. Habang kumikita ang US sa gera at krisis sa langis, ibayong nagdurusa ang mamamayan ng daigdig.

Dahil nakaasa ang bansa sa imported na langis, kagyat na naramdaman ng mamamayan ang matarik na pagtaas ng presyo ng langis at, pagkatapos, ng lahat na ng batayang produkto at serbisyo lalo na ang pagkain, gamot at iba pang pangangailangan. Habang abot-langit na ang gastusin upang mabuhay, nakapako naman ang sahod at kita ng mamamayan at walang makabuluhang tulong mula sa gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. Malayo sa nakabubuhay ang karaniwang arawang sahod na ₱300-500 sa isla ng Mindoro. Masahol pa ay lumiit ang halaga nito sa harap ng patuloy na tumataas na presyo ng mga bilihin sa isla. Kung kaya't bumubulusok at naibabaon sa higit na kahirapan ang pamumuhay ng mga Mindoreño at mamamayan ng bansa.

Pinakamatinding dinagukan ng krisis ang masang anakpawis. Ang atrasado, agrikultural at pre-industriyal na produksyon ay mas mabilis na naaagnas at nawawasak. Naghihingalo na ang kabuhayan ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang maliit na prodyuser. Sa Mindoro, sinalamin ito ng pagkalugi ng libu-libong magsasaka ng palay at sibuyas nitong huling anihan. Maski ang mga maliit na negosyante ay nalulugi dahil hindi na makahabol ang kanilang kita sa gastos sa operasyon. Walang ligtas sa bigwas ng krisis: Bumabagsak ang kita at antas ng pamumuhay ng mga propesyunal, maliit na negosyante at iba pang panggitnang uri. Samantala, ang dati nang mahirap ay lalo pang nalulugmok sa sukdulang busabos na kalagayan.

Sa pagbulusok ng ekonomya ng bansa, lumiliit ang yamang pwedeng paghatian ng mga naghaharing uri. Kaya habang nagdurusa ang masang api, abalang abala ang mga naghaharing uri sa agawan sa mahuhuthot na tubo, mananakaw na yaman at makokopong pwesto ng kapangyarihan. Habang tumatalas ang ribalan sa kampo ng mga Marcos sa isang banda at ng mga Duterte sa kabila, maya't maya ang mga maniobrahan, aregluhan at bantaan hanggang umabot sa marahas nang tagpo. Ang pamumutok sa loob ng Senado ay indikasyon na ang salpukan ay umaabot na sa tensyonadong

antas.

Bagamat nililigalig ng krisis pampulitika, nakakapanatili ang rehimen ni Marcos Jr. dahil sa amo nitong US. Ang US, sa pamamagitan ng mga ahente nito sa pulitika at kontrol nito sa AFP-PNP, ay nangangasiwa sa mga pailalim na usapan at pag-aayos na pabor sa korap, pahirap, pasista at kinamumuhian ng masa na rehimeng Marcos Jr.

Bilang kapalit, lansakan at walang kahihiyang nagpapagamit si Marcos Jr. sa US. Tuloy-tuloy ang pagbubuyangyang sa natitirang lupa at yaman ng bansa na lansakang paglabag sa soberanya ng bansa. Ang pagbubukas na ito ay di na lamang para sa kita ng dayuhang negosyo. Mahigpit na kaugnay na nito ang estratehikong pulitiko-militar na interes ng US.

Halimbawa, ang panibagong kasunduan sa mina na Pax Silica, ang paparaming mga *"economic zone,"* ang papatinding pang-aagaw ng lupa--lahat ng ito'y kasabay ng tumitinding panghihimasok ng militar ng US. Itinatanim at pinalalakas ng US ang industriyang militar nito sa bansa. Tinatayo ang hayag at lihim na mga base militar, lagakan ng armas, daungan ng mga barkong pandigma, pagawaan ng bala at *drone* at maski lagakan ng langis.

Inihahanda ng US ang Pilipinas bilang lunsaran ng digma laban sa China at iba pang katunggali ng US. Sa malao't madali, kakaladkarin ng US ang bansa sa madugong digma na kinasasangkutan at nais pang sangkutan nito bilang numero unong benggador sa mundo. Habang lumalaki ang partisipasyon ng Pilipinas sa mga ehersisyong militar at napapahintulutan ang US na pwestuhan ang kalupaan at karagatan pati mga kampo militar ng bansa, lalong bulnerable ang mamamayan na masangkot sa mga ilehitimo at kriminal na agresyon at pangyuyurak ng US ng soberanya hindi lang ng ating bansa kundi pati na sa iba pang bansa. Nalalagay ang bansa sa peligro sa pagpayag ng rehimeng Marcos Jr. na maging instrumento ang bansa sa *proxy war* ng US. Dahil dito lumalaki ang banta ng walang katumbas na kaguluhan at kahirapan sa sambayanang Pilipino.

Wala namang kaalitan na bansa ang mamamayang Pilipino. Ang usapin sa West Philippine Sea (WPS) ay isang *maritime dispute* sa China o sigalot sa bawnderi sa karagatan. Bilang bahagi ng internasyunal na pamayanan, may bahagi ang Pilipinas sa paglutas nito sa mapayapang negosasyon, diplomasya at, katuwang ang iba pang bansang apektado ng sigalot, ihapag ang usapin sa naliliwanagang arbitrasyon.

Samantala, lantarang may pag-amin ang US na pinaghahandaan nito ang posibleng atakeng gagawin ng China sa Taiwan. Ginagamit lamang ng US na tuntungan ang *maritime dispute* ng Pilipinas sa China hindi para ipagtanggaol ang Pilipinas kundi gamitin ang Pilpinas sa panghihimasok sa ibang bansa.

Isipin na lang ang bulnerableng katayuan ng Mindoro at mga prubinsyang nakaharap sa WPS sa mga pakana ng US. Ang pagpwesto ng misayl sa Lubang Island at ang pagbibigay akses sa US ni Marcos Jr. sa alinmang kampo militar ng bansa, kabilang ang pinalawak na kampo sa Lubang Island, ay patunay na madadamay ang mga Mindoreño kapag sumiklab ang todo-gerang nais pakawalan ng US. At may mga plano pang magtayo ng karagdagang kampo sa Mindoro at sukdulang bilhin ang lupang nais nilang gamitin. Lahat ng ito ay ginagawa ng US sa paghahangad na manatiling tanging *superpower* sa mundo at sindakin ang iba pang bansang humaharang at humahamon sa kanyang imperyalistang interes.

**Maatim ba ng mga Mindoreño na sumangkot ang bansa at mismong ang isla ng Mindoro sa maitim na planong ito ng US?**

Huwag asahang ipagtatangol ng papet, pasista at pahirap na rehimeng Marcos Jr. ang bansa sa harap ng pang-uupat ng US. Nakahapag ang tanong na ito sa bawat mamamayang Pilipino at mga Mindoreño. Kaya nasa kamay ng sambayanan ang paglutas sa krisis sa ekonomya, pulitika at relasyong panlabas na kinalulugmukan ng bansa. Sa pagtalim ng krisis, tumitingkad ang kawastuhan ng demokratikong rebolusyong bayan habang lalong nabubulok ang malakolonyal at malapyudal na sistema. Ang napakahinog na sitwasyon, kung gayon, ay hamon sa lahat ng mamamayang Pilipino at mga Mindoreño.

May napakalaking tungkulin ngayon na ihapag sa masang aping Mindoreño ang rebolusyon bilang tanging solusyon sa kanilang kahirapan. Dapat patalasin ang kanilang diskuntento at galit sa nabubulok na sistema. Kailangang tipunin ang kalat-kalat na laban ng mga Mindoreño para sa lupa, kalikasan, disenteng sahod at trabaho, batayang serbisyo, katarungan at iba pang pakikibakang masa sa paglaban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Kinakailangan ang dagdag na determinasyon, talino at tapang upang lagpasan ang lahat ng balakid, abutin ang malawak na masang Mindoreño at ituro ang landas ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

## NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Editoryal | 1 |
| Nagpupunyagi at lumalaban ang BHB... | 3 |
| Pagkakampo sa Panaytayan, tinututulan | 3 |
| Lalong nalulugmok ang mga magsisibuyas | 4 |
| Pagbaha sa Oriental... | 6 |
| Singbigat ng langit ang pasan ng kababaihan | 6 |
| Anibersaryo ng BHB at NDF, ipinagdiwang | 8 |
| Ka Bitoy: Bayani ng mamamayan at mga Buhid | 9 |
| NDF Corner: Ano ang IHL? | 10 |
| Bantay Karapatan | 12 |
| Komiks | 14 |
| Kultura | 15 |

## BALITANG TO

# Nagpupunyagi at lumalaban ang BHB sa Mindoro



Noong umaga ng Enero 1, naganap sa Brgy. Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro ang pinakaunang armadong sagupaan sa pagitan ng BHB at AFP ngayong taon. Aktibong nagdepensa ang isang yunit ng Lucio De Guzman Command-BHB Mindoro sa atake ng magkakasanib na yunit ng 76th Infantry Battalion (IB), 1st IB, at 15th Scout Ranger Company (SRC) na mga pang maniobrang yunit sa ilalim ng 203rd Infantry Brigade (IBde), 2nd Infantry Division (ID) ng Philippine Army.

Umani ang AFP ng malawakang pagbatikos matapos ang labanan dahil sa paggamit nito ng labis-labis na karahasan sa kanilang operasyon sa kapinsalaan ng mga sibilyan. Nagsagawa ng pambobomba, *aerial strafing* at walang habas na pamumutok ang mga sundalo. Nahagip at napatay nito ang tatlong bata habang sugatan ang kanilang ina. Isang kabataang mananaliksik ang inatake sa puso at hinuli naman si Chantal Anicoche, isang Filipino-American na natagpuan malapit sa erya ng labanan.

Binigo rin ng isang yunit ng BHB Mindoro ang tangkang pangungubkob ng mga tropa ng 68th IB noong Marso 24 sa Sityo Danlog, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Nagsimula ang labanan bandang alas-6 ng umaga habang nag-eehersisyo ang yunit ng BHB.

Dahil alerto ang mga bantay, mabilis na nakapaghanda at naunang nakapamutok ang mga Pulang mandirigma.Aktibong nakapag-depensa at organisadong nakaatras ang yunit ng BHB.

Sa kabilang banda, nagtamo ng tatlong patay at maraming sugatan ang umatakeng mga sundalo.

Upang pagtakpan ang pinsala sa kanilang hanay, aktibong pinakalat ng kaaway ang kasinungalingan at pekeng balita hinggil sa labanan. Taliwas sa nilabas na Facebook post ng kaaway, walang nasamsam na kahit anumang armas o mahalagang kagamitan ang 68th IB sa labanan.

Noon namang hapon ng Marso 29, magiting na nilabanan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong tropa ng 15th SRC na nakasugaga sa kanilang yunit sa Sityo Salafay, Brgy. Monteclaro. Ayon mismo sa pahayag ng 15th SRC, dalawang sundalo ang sugatan habang patay naman si Capt. Dean Oyando.

Nasugatan sa labanang ito si Oma "Ka Nixao/Ka Inay-ay" Dag-od, katutubong Mangyan-Buhid at Pulang kumander ng BHB Mindoro. Dahil sa mahirap na maniobra kalaunan ay binawian siya ng buhay.Ginawaran ng pinakamataas na parangal at pagpupugay si Ka Nixao bilang bayaning ambag ng mga Buhid sa rebolusyon.

## BALITA

# Pagkakampo ng 1st IB sa Panaytayan, tinututulan!

Matapang na nilalabanan ng mga residente ng Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro ang pagtatayo ng panibagong kampo militar para sa 1st IB sa kanilang lugar.

Noong Marso 8, nagtipon ang mga katutubong Mangyan mula sa iba't ibang sityo ng Panaytayan kasama ang kanilang mga lider at mga upisyal ng barangay upang palayasin ang mga berdugong sundalo. Iginiit nila sa 1st IB na tumupad sa naunang kasunduan na pinirmahan ni 1st Lt. Emerson Madella na nagsasabing dapat kalasin ng mga sundalo ang itinatayong kampo sa Marso 8.

Mula sa barangay hall kung saan naganap ang negosasyon, tumungo ang mga nag-protes-tang residente sa kampong tina-yo sa bundok Nalbong ng Sityo Kiringin. Ipinahayag ng mga masa ang mariing pagtutol sa presensya ng militar sa barangay. Nanawagan din ang mga masa para sa sama-samang pagtutol ng mga pamayanan sa militarisasyon dahil sa perwisyo at panganib na hatid nito sa kanilang buhay at kabuhayan.

**Priority barangay**

Nananatili ang Brgy. Panaytayan sa listahan ng mga *"priority barangay"* ng gerang panunupil ng reaksyunaryong gubyerno. Noon pang 2019, sa balangkas ng kontra-rebolusyonaryong digmang JCP Kapanatagan ng Rehimeng US-Duterte, itinalaga ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang Panaytayan sa mga baryong prayoridad sa pagsupil. Ipinagpapatuloy ang digmang ito sa balangkas ng National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) sa ilalim ni Ferdinand Marcos Jr.

Lansakan at buo-buong tinatakan ng reaksyunaryong gubyerno ang Panaytayan bilang base ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro kaya pinaiilalim ito sa masidhing militarisasyon. Ang kampo sa Kiringin ay pang-apat na sanang kampo sa barangay.

Pawang panlilinlang sa mga katutubong Mangyan ang naging taktika ng mga sundalo upang pilitin sila na pahintulutan ang kampo sa Sityo Kiringin. Sangkot dito ang National Commission on

Indigenous Peoples (NCIP) at ang lokal na gubyerno ng Mansalay na ginagamit sa gerang panunupil alinsunod sa *whole-of-nation approach*. Hindi ito naiiba sa kaparehong iskema ng panlilinlang sa mga katutubong Mangyan noong itinayo ang mga kampo sa mga sityo ng Cabuyao at Baet sa Panaytayan.

Sa pahayag ni Ma. Patricia Andal ng NDF Mindoro, kinundena ang tangkang pagkakampo bilang panunupil sa "anumang uri ng pagkakaisa at pagkilos na mabubuo sa hanay ng mamamayan." Inugnay nito ang militarisasyon ng Panaytayan sa pag-target ng mga dayuhang kumpanya ng mina sa mga yamang mineral na matatagpuan sa mga kabundukang saklaw ng barangay.

Ani pa ni Andal, "Malaki ang hamon [...] sa lahat ng Mindoreñong apektado ng malawakang militarisasyon at *de facto martial law*, na magkaisa, tumindig at lumaban." Panawagan ng NDF Mindoro na biguin ang "lahat ng mga pakana ng rehimeng US-Marcos II na durugin ang pakikibaka ng sambayanan."

BALITA

## Lalong nalulugmok ang kabuhayan ng mga magsisibuyas sa Mindoro




*Larawan mula sa Facebook*

Isang mayor na kabuhayan ng mga magsasakang Mindoreño ang sibuyas. Ang Occidental Mindoro (OccMin), sa partikular, ang isa sa pinakamalaking prodyuser ng sibuyas sa bansa. Noong 2025, nasa higit 7, 000 metriko toneladang (MT) sibuyas o katumbas ng 25.78% ng produksyon ng bansa ang nagmula sa OccMin. Ayon sa Philippine Statistics Authority, pumapangalawa lamang sa Nueva Ecija ang Mindoro sa produksyon ng sibuyas sa Pilipinas.

Gayunpaman, kapansin-pansin ang pagliit ng produksyon ng sibuyas sa isla sa loob ng dalawang taon. Mula 83, 000 MT noong 2023, nagkaroon ng 92% pagliit tungong higit 7, 000 MT na lang noong 2025. Bunga ito ng taun-taong pagkalugi ng mga magsasaka dahil sa pagbaha ng imported na sibuyas, papalaking gastos sa produksyon at kawalan ng makabuluhang suporta mula sa rehimen ni Ferdinand Marcos Jr.

Naitutulak pababa ng labis na importasyon ang presyo ng lokal na produktong agrikultural. Pinalawig pa lalo sa ilalim ni Marcos Jr. ang neoliberal na patakaran ng importasyon. Nito lamang Marso, inaprubahan ng Department of Agriculture (DA) ang pag-import ng 4, 000 MT ng sibuyas kung kailan nagsisimula na ang anihan ng sibuyas. Mula sa bentahang ₱120-150 kada kilo noong Enero, bumagsak sa ₱30-40 kada kilo noong Pebrero at ₱17-35 kada kilo nitong Marso. Umabot pa ito sa pinakamababang ₱7 kada kilo noong Abril.

Ngunit bago pa sumapit ang anihan, malaking dagok na sa kabuhayan ng mga magsisibuyas ang papataas na gastos sa produksyon. Umabot na sa ₱200, 000 hanggang ₱300, 000 kada ektarya ang gastos sa pagtatanim ng sibuyas. Katumbas ito ng 11%-66% na paglaki mula sa dating ₱180, 000 na gastos kada ektarya noong 2022. Salik na rito ang pagtaas ng presyo ng abono tungong ₱1, 800-2, 000 kada sako mula sa dating ₱1, 300.

Hindi lamang abono ang nagmahal, maging ang krudo at gasolina na ginagamit sa *water pump* para sa patubig. Mula pa Enero ay nagmamahal na ang presyo ng langis. Lalo pa itong pinabilis ng pumutok ang gera ng US sa Iran. Nagdulot ito ng krisis sa langis at pagsirit ng presyo ng krudo na umabot sa higit ₱100 o mahigit pa kada litro.

Naapektuhan din ng krisis sa langis maski ang mga *trader* ng sibuyas. Tumigil ang maraming maliliit na *trader* sa pagbili ng sibuyas dahil sa mataas na gastos sa pagbiyahe at malaking risgong malugi. Dahil dito, bumagsak muli ang presyo ng sibuyas sa ₱15-30 kada kilo. Sa ilang mga bayan sa Mindoro, singbaba ng ₱5-7 kada kilo ang bentahan ng sibuyas. Pinakamalala ang kawalan ng mamimili na dahilan para itambak o itapon na lang ng mga magsasaka ang tone-toneladang sibuyas.

Kriminal na kapabayaan ng rehimen ni Marcos Jr. ang kawalan ng tunay na suporta para sa magsasaka. Ang pagpapabayang ito sa produksyon ay nagagatungan ng talamak na ismagling ng sibuyas na iniuugnay sa pamilyang Marcos.

Naglaan ang Department of Agriculture (DA) ng ₱125 milyon para sa pagpapagawa ng mga *cold storage facility* sa mga bayan ng San Jose at Mamburao para sa preserbasyon ng produkto upang tantyado ang paglabas ng suplay sa pamilihan. Pero malalaking mamili lang ang

nakakagamit ng pasilidad na ito. Sa isang kasong aralin, gumagastos ang magsasaka ng dagdag na ₱6, 100 bilang bayad sa mga pribadong *storage* para sa isang toneladang sibuyas sa bawat buwan. Kung aabot ng tatlong buwan ang sibuyas sa *cold storage*, may dagdag na ₱20,000 sa gastos ng magsasaka.

Malaon nang inirereklamo ng mga magsisibuyas ang paimbabaw at pakitang-taong hakbangin ng gobyerno sa paglutas ng problema ng magsisibuyas. Kontrolado ng mga malaking *trader* ang kapital, pamilihan at maging kagamitan at mga sangkap sa produksyon ng sibuyas. Pagdating ng anihan nakokontrol nila ang mga pasilidad sa *cold storage* sa sistemang *prior booking* na pumapabor sa may pambayad sa espasyo sa *cold storage* kaya hindi nakikinabang ang kalakhan ng mga magsasaka. May mga kasong kinakailangan pang sumapi ng magsasaka sa mga kooperatiba para lang makagamit ng nasabing pasilidad.

Limos lang din ang ₱2, 325 na ipapamahaging ayuda ng DA. Barya-barya na nga kumpara sa daan libong gastos sa produksyon, lubhang maliit din ang target nitong mabigyan na 4.7 milyong magsasaka sa buong bansa.

**Malalim na ugat ng lugmok na kalagayan ng magsasaka**

Ang malakolonyal at malapyudal na sistemang umiiral sa bansa ngayon ang naglugmok at pumapatay sa kabuhayan ng magsisibuyas. Sa neoliberal na patakarang ipinataw ng monopolyo-kapitalistang mga bansa sa mga atrasadong bayan tulad ng Pilipinas, nawawasak at nilulumpo ang lokal na produksyon para panatilihing nakaasa ang bansa sa imported na mga produkto at kagamitan. Habang lalong naghihirap ang mga magsasaka, papalaki naman ang kita ng mga dayuhan at mga kasabwat na malaking lokal na *trader* na pawang nagmula sa uring panginoong maylupa-malaking burgesya kumprador (PML-MBK). May malaking pananagutan din ang mga rehimeng nasa kapangyarihan (mga burukrata kapitalista o BK) noon at sa kasalukuyan kung kaya nanatiling kontrolado ng mga imperyalistang kapangyarihan ang ekonomya ng bansa at nakikinabang ang mga parasitikong uri ng BK-MBK-PML.

Ani ni Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF Mindoro, "Hindi lang mananatili kundi lalala pa nga ang pagsasamantala at pang-aapi [sa mga magsasaka] habang lumalalim ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Magbabago lamang ang lugmok na kalagayan ng mga magsasakang Mindoreño kung sila'y magkakaisa at lalaban ayon sa balangkas ng pambansa-demokratikong programa."

## Kasong aralin sa isang sibuyasan sa Timog Mindoro

Dalawang lata ng binhi ng sibuyas : 42 red bag ang inani (22 big, 20 small) o 1, 260 kilos

**GASTOS SA PRODUKSYON**

Input

2 lata ng binhi (₱2, 740 kada lata) .......... ₱5, 480
8 sako ng abono (₱1, 600 kada sako) .......... ₱12, 800
12 litrong insecticide (₱600 kada litro) .......... ₱7, 200

Labor

Patanim at bunot sa 20 tao
2 araw (₱250 kada tao kada araw) .......... ₱10, 000
Pakain sa magtatalok .......... ₱2, 000
Pahakot sa sibuyas
42 red bag (₱100 kada bag) .......... ₱4, 200
Bayad sa mag-aani
42 red bag (₱30 kada bag) .......... ₱1, 260

Red bag (₱13 kada bag) ........... ₱546
3 container ng krudo (₱1, 500 kada container) ... ₱4, 500

TOTAL ...................... ₱47, 986

**KITA**

Big (₱30 kada kilo)
22 red bag (30 kilo kada bag) ... ₱19, 800
Small (₱28 kada kilo)
20 red bag (30 kilo kada bag) .... ₱16, 800

TOTAL .................... ₱36, 600

**Lugi ng ₱11, 386**

**Ano ang *breakeven price* ng sibuyas?**

Kung bibilhin ang sibuyas sa presyong ₱38.08 kada kilo, makakabawi sa gastos na ₱47, 986 para sa ani na 42 red bag. Kaya sa bentahang ₱30 kada kilo, lugi ng ₱8 kada kilo ang magsasaka.

**Samantala...**

Sa bentahang ₱50 kada kilo na ipinangako ng gubyerno,

1, 260 kilos x ₱50 kada kilo = ₱63, 000

Kikita ang magsasaka ng ₱15, 014 sa loob ng apat na buwan o katumbas lang ng ₱125 kada araw.

Kung bibilhin naman ang sibuyas sa presyong ₱100 kada kilo kung big at ₱90 kada kilo kung small....

Maaring kumita ng ₱72, 014 sa loob ng apat na buwan o katumbas ng ₱600.12* kada araw.

**kalahati lang ng ₱1, 200 nakabubuhay na arawang kita para sa lima kataong pamilya.*

BALITA

# Lumalalang pagbaha sa Oriental Mindoro, perwisyo sa mamamayan




*Larawan mula sa Facebook*

Nitong Pebrero, higit 30 na barangay sa iba't ibang bayan ng Oriental Mindoro ang apektado ng pagbahang dulot ng sunud-sunod na bagyo at malalakas na pag-ulan. Kabilang dito ang anim na barangay sa Calapan, 12 na barangay sa Naujan, tatlong barangay sa Baco, dalawang barangay sa Socorro at limang barangay sa Pola. Bukod pa rito ang pitong barangay sa Victoria na kalakhan ay dating hindi naman inaabot ng baha, tulad ng Brgy. Mabini na isa sa mga pinakaapektadong barangay.

Sa tindi ng pagbaha, humigit-kumulang 100 pamilya ng Brgy. Pinagsabangan II, Naujan ang napilitang lumikas dahil sa bilis ng pag-apaw ng tubig sa mga ilog. Habang sa Brgy. Malabo, Victoria naman, mahigit 200 kabahayan ang nananatiling nakalubog sa bahang hindi pa rin humuhupa mula pa noong Nobyembre ng nakaraang taon.

Lumubog din sa baha ang mga mayor na daan gaya ng Strong Republic Nautical Highway dahilan para di makatawid ang mga sasakyan at mai-stranded ang mga komyuter. Lubhang naapektuhan ang pasok sa mga eskwelahan at trabaho ng mga Mindoreño nang lumubog ang mayor na mga daan. Sinuspinde ang pasok sa mga eskwelahan maging sa ilang mga upisina.

Ilang mga residente ang natulak na gumamit ng bangka para makapagpatuloy sa pang-araw-araw na gawain at paghahanapbuhay lalo na sa paligid ng Naujan Lake. Kahit ang gubernador na si Humerlito "Bonz" Dolor, ay nagpahayag ng pagkadismaya. Aniya "binabaha rin po kami" nang abutin din ng baha ang kanyang bahay sa Brgy. Estrella, Naujan.

Ang pagbaha sa Naujan ay bunga na ng sunud-sunod na pagguho ng mga *road dike* sa Naujan, partikular sa mga barangay ng San Andres at Tagumpay. Dagdag pa rito ang mga substandard at hindi natatapos na *flood control projects* sa kahabaan ng Mag-Asawang Tubig, Bocayao at iba pang sekundaryong mga ilog at sapa sa Oriental Mindoro.

LATHALAIN

# Singbigat ng langit ang lumalalang krisis na pasan ng kababaihan

*"Pasan ng mga kababaihan ang kalahati ng kalangitan."*
-Mao Zedong

Sa paglalim ng malakolonyal at malapyudal na krisis sa bansa, lalong bumibigat ang pasanin ng kababaihang Mindoreño.

Unang dumadagan sa kababaihan ang tumitinding krisis sa ekonomya at kabuhayan. Mula Enero at laluna matapos bombahin ng US ang Iran noong Pebrero, di na maawat ang pagtaas ng presyo ng langis sa buong daigdig. Ang 60% na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado ay lalong mabigat ang epekto sa Pilipinas na nakaasa sa imported na langis. Sa ilang mga bayan sa Mindoro, umabot ng singtaas ng ₱140-150 kada litro ang mga produktong petrolyo.

Kasunod ng pagtaas ng presyo ng langis ang pagsirit rin ng presyo ng pagkain, tubig, kuryente, pamasahe at iba pang batayang pangangailangan. Ang bigas, halimbawa, na dati naman nang mahal ay abot-langit na ang presyo. Sa ilang mga baryo sa kabundukan, nasa ₱65-75 kada kilo na ang bigas.

Samantala, maraming babae ang walang hanapbuhay kahit gustuhin man nilang magtrabaho. Ang mga kababaihang magsasaka ay binabagabag ng kawalan ng lupa at mataas na gastusin sa pagsasaka, barat na barat na *farmgate price* ng mga produktong bukid at biktima ng usura. Biktima rin sila ng mababang sahuran sa kanayunan at kawalan ng trabahong mapapasukan. Kung may trabaho man, mas napagsasamantalahan ang mga babae kumpara sa mga kalalakihan sa usapin ng sahod at paghahanapbuhay.

Ang di makontrol na pagtaas ng presyo ng langis at mga batayang pangangailangan at serbisyo ang dahilan bakit ipinapanawagan ng mamamayan, kabilang ang samahan ng mga kababaihan sa pangunguna ng grupong Gabriela, ang pagbabasura ng buwis sa langis na *excise tax, value added tax* (VAT) at *expanded* VAT (e-VAT) na ipinapataw sa mataas nang presyo ng mga bilihin at serbisyo.

Higit na mabigat ang krisis sa langis para sa kababaihang anakpawis. Mula nang pumutok ang krisis dulot ng gera sa Gitnang Silangan, may pagtumal sa ekonomya sa buong mundo

pero mas matindi ang tama ng kasalukuyang krisis sa mahihirap na bansang tulad ng Pilipinas. Sa pagtumal ng pandaigdigang ekonomya, problema na rin ang pagbara sa pamilihan ng mga kalakal kaya apektado ang pagluluwas ng mga produktong bukid mula sa Mindoro. Bukod sa bagsak na ang presyo nito sa *farmgate*, mataas pa ang gastos sa pagbiyahe ng mga kalakal. Sa Occidental Mindoro kung nasaan ang malawak na mga sibuyasan ng isla, tampok ang mga insidente ng pagtatambak at pagkabulok ng tone-toneladang sibuyas na di na mabenta ng mga magsasaka.

Tiyak na pangmatagalan din ang epekto ng krisis sa langis sa pagsasaka. Pinangangambahan ng mga magsasaka ang mas mataas na gastos sa patubig, upa sa traktora at iba pang makina at maski abono at pestisidyo sa darating na taniman. Parehas na dagok din sa kabuhayan ang nararanasan ng mga mangingisda, mga drayber at maliit na *operator* ng dyip at bus, mga *door-to-door service* at iba pang katulad na mga sektor. Sa lalong pagkawasak ng produksyon at ekonomya, nagdurusa sa kagutuman at karalitaan ang mga kababaihan at kanilang mga pamilya. Naging mas mabigat para sa mga kababaihan ang patitiyak na may pagkain sa hapag kainan ang pamilya.

Habang binabalikat na ng masang kababaihan ang tumitinding kahirapan, biktima rin sila ng sistematikong karahasan. Pinakamalaking tagapamandila ng karahasan laban sa kababaihan ang estado at mga armadong pwersa nitong AFP-PNP-CAFGU.

Habang umiigting ang kontra-rebolusyon na udyok ng militar ng US, sumasahol din ang karahasan at paglabag sa karapatan ng mga kababaihan.



Sa pagpapatupd ng rehimeng US-Marcos II ng NAP-UPD o National Action Plan for Unity, Peace and Development, ipinaiilalim ang buong bansa--laluna ang kanayunan--sa di deklaradong batas militar. Sa ngalan ng pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan, biktima ang libo-libong kababaihang magsasaka, katutubong Mangyan, manggagawa at iba pa ng militarisasyon, pananakot, pagpatay, panggagahasa, pambobomba at istraping, sapilitang pagpapalikas at iba pang krimen sa sangkatauhan. Sa kanayunan ng Mindoro, gaya ng ibang bahagi ng bansa na lubhang militarisado, higit na bulnerable ang mga kababaihan sa pang-aabuso ng AFP-PNP-CAFGU. Sa mga baryong tinayuan ng kampo gaya ng Mantay sa Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro, sistematikong pinapalaganap ng mga sundalo ang kultura ng karahasan sa kababaihan at prostitusyon.

Sa harap ng kahirapan at karahasan, di kataka-taka bakit maraming kababaihan ang nagpasyang lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka. Sumapi sila sa saligang organisasyong masa ng kababaihan, ang Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA). Bilang kasaping organisasyon ng National Democratic Front, dinadala nito ang mga isyung pangkababaihan at nakikipagkaisa sa iba pang sektor at uring inaapi at pinagsasamantalahan. Signipikante rin ang bilang ng mga kababaihang niyakap ang armadong pakikibaka para baguhin ang kanilang kalagayan. Isa si Ka Senyang sa mga babaeng ito. Aniya, "Kailangang lumahok ang kababaihan sa armadong rebolusyon para makalaya. Ganap na lalaya [ang kababaihan] kapag nagtagumpay tayo."

Ganito rin ang paninindigan ni Ka Kima na nagmula sa hanay ng mga kabataang estudyante. Hamon niya sa mga kapwa kabataang kababaihan: "Huwag magpakulong sa *gender* at *women empowerment*. Para ganap na lumaya ang mga kababaihan, kailangan ng paglaban at paghawak ng armas dahil di basta-bastang ibibigay ng naghaharing uri ang kalayaan natin. Kaya kailangang makiisa sa mga aping uri, pamunuan ang rebolusyong Pilipino at dalhin ito sa tagumpay."

Ani pa ni Ka Senyang, isa sa mga upisyal sa pulitika sa kanyang yunit, hinggil sa pag-oorganisa sa kababaihan, "Maraming babae na ang naging hukbo dahil sa kanilang kalagayan. Malaking hamon ang pagpapalahok ng mas marami pang kababaihan sa rebolusyon dahil sa pyudal na kultura."

Isang kontradiksyon ng mga kababaihan sa paglahok sa rebolusyon ang kanilang pamilya, laluna ang mga anak. Kaugnay nito, ang sagot naman ni Ka Gina, isang katutubong hukbo at ina, "Pangunahin ang interes ng nakararami: para sa malawak na masa, kasama ang ating mga anak sa pinaglilingkuran natin. Sa harap ng maraming hamon, matatag pa rin dapat ang makauring paninindigan."

Sina Ka Senyang, Ka Kima at Ka Gina ang mukha ng

pinakamataas na porma ng paglaban at paglilingkod ng kababaihan sa kapwa nila inaapi.Tiyak na habang bumubulusok ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, habang umiigting ang digma at krisis sa buong mundo, darami ang mga katulad nilang kababaihang huhulagpos mula sa pasan-pasang kahirapan upang akuin at balikatin ang makasaysayang papel sa rebolusyon.

**BALITA**

# Pagdiriwang ng anibersaryo ng BHB at NDF sa gitna ng umiigting na atake sa Mindoro



Ipinagdiwang ng mga mandirigma ng BHB Mindoro ang ika-57 na anibersaryo ng hukbong bayan kasama ang mga kadre at kasapi ng Partido at mga masa sa loob at labas ng mga sonang gerilya. Inilunsad sa buong buwan ng Marso ang pagdiriwang sa temang "Sagpangin ang paborableng sitwasyong pampulitika! Puno ng determinasyong magpukaw, mag-organisa at pakilusin ang masa upang palagablabin ang rebolusyon sa Mindoro!"

Binuksan ng iba't ibang yunit ng BHB ang anibersaryo sa pamamagitan ng mga pulong talakayan at kapehan. Pinaksa ng mga ito ang mga tagumpay na nakamit at mga aral sa nagdaang taon. Diniinan sa mga talakayan ang pagtataguyod ng BHB sa kilusang pagwawasto upang kamtin ang mas malalaking tagumpay sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtayayo ng baseng masa.

Naging pleksible ang mga yunit ng BHB sa pagsagpang sa mga pagkakataon upang ilunsad ang mga talakayan, kapehan, pulong anibersaryo at iba pang aktibidad gaya ng pagsasanay militar upang patampukin sa mga pwersa at masa ang panawagan sa anibersaryo ng hukbo. Inaral din ng mga yunit ng hukbo ang mga pahayag na inilabas ng Komite Sentral ng Partido, Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan at Komite sa Isla. Sa mga pagdiriwang, hinamon ang lahat—ang mga kasapi ng Partido at BHB at pati mga aktibistang masa—na magsikhay sa mga gawain upang lahatang panig na palakasin ang demokratikong rebolusyong bayan. Partikular na hamon sa mga kumander at mandirigma ng BHB Mindoro ang pagpapataas ng diwa at kakayanang lumaban sa kaaway upang biguin ang gerang panunupil ng rehimeng US-Marcos II at bigyang hustisya ang lahat ng mga biktima ng terorismo ng estado sa isla ng Mindoro.

Sa mismong araw ng anibersaryo, Marso 29, pinatunayan ng isang yunit ng BHB Mindoro ang kanilang kakayanang humarap sa kaaway sa magiting na paglaban sa mga nag-ooperasyong sundalo ng 15th SRC. Namartir sa labanan si Oma "Ka Bitoy/Ka Nixao/Ka Inay-ay" Dag-od. Tampok sa mga pagdiriwang ng anibersaryo ang pagpaparangal sa kanyang halos dalawang dekadang paglilingkod bilang hukbo.

Sa isang buwang pagdiriwang ng anibersaryo ng hukbo sa gitna ng walang puknat na atake ng kaaway, pinataas ang moral at diwang palaban ng mga Pulang mandirigma. Ang Partido, ang BHB at ang rebolusyunaryong masa sa Mindoro ay handang humarap sa hamon ng pag-igting ng digma. Optimistikong nakatanaw ang rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro sa pag-igpaw sa mga kahinaan at pagpapanibagong-lakas ng hukbo at armadong rebolusyon sa isla.

Parehong militansya at optimismo ang pumuspos sa pagdiriwang ng ika-53 na anibersaryo ng NDF noong Abril 24 ayon sa panawagang "Palakasin ang NDFP at Labanan ng Imperyalistang Gyera."

Dumalo sa mga pagdiriwang ang kasapi ng iba't ibang rebolusyonaryong organisasyong masa, mga lokal na lider magsasaka at katutubo at mga aktibistang masa mula sa mga komunidad. Kasama sa mga pagdiriwang ang mga miyembro ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) Mangyan Revolutionary Organization (MINDORO), Kabataang Makabayan (KM), Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA), Makabayang Samahan ng mga Manggagawang Pangkalusugan (MASAPA) at Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS). Binahagi ng isang aktibistang Mangyan ang mga aral mula sa pag-oorganisa sa mga katutubo. Hinikayat niya ang mga dumalo na magpunyagi sa pag-oorganisa ng masa sa buong isla ng Mindoro.

Bukod sa mensahe mula sa mga kasaping organisasyon ng NDF, nagkaroon ng talakayan sa praymer hinggil sa NDF at pagtatayo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at mga mensahe mula sa mga kinatawan ng Partido at BHB.

Sa pagdiriwang ng isang yunit ng BHB, nagagawa rin ng *21 gun salute* na inalay sa Toboso 19--mga mandirigma, aktibista at kabataang magsasaka na namartir sa isla ng Negros noong Abril 19.

Sa mga programa, panawagan sa lahat ang pagpupunyagi at pagsulong ng rebolusyon laluna sa harap ng namumuong imperyalistang digma sa pagitan ng US at China sa Asya Pasipiko.

LATHALAIN

# Ka Bitoy: Bayani ng mga Buhid, martir ng sambayanan

*(mula sa pahayag ng Komite sa Isla ng Mindoro)*



Sinasaluduhan ng sambayanang Mindoreño, laluna ng mga katutubong Buhid-Mangyan, si Oma "Ka Bitoy/Talon/Nixao/Inay-ay" Dag-od, mahusay na Pulang kumander ng Bagong Hukbong Bayan, kadre ng Partido at rebolusyunaryong lider ng Kabuhiran. Napaslang siya habang magiting na nakikipaglaban sa mga pasistang tropa ng 68th IB, 1st IB at 15th SRC noong Marso 29, 2026 sa Sityo Salafay, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Nagdadalamhati ang mga kapamilya, kaibigan, mga kasama, mamamayang Buhid at iba pang katutubong Mangyan at lahat ng masang api sa kanyang pagkamatay.

**Pagkamulat sa rebolusyon**

Lumaki si Ka Bitoy sa mga ilog at bundok sa *tri-boundary* ng Bongabong, Rizal at San Jose sa Timog Mindoro. Sa murang edad, tumatak sa kanya ang tagumpay ng rebolusyong agraryo sa kanilang lugar, ang paglalansag ng pastuhan at pamamahagi nito sa mga Mangyan-Buhid upang sakahin at pagyamanin. Namulat siya sa kalagayang ang rebolusyon ang naging dahilan upang maibalik sa mga katutubo ang lupang ninunong inagaw sa kanila. Saksi siya paano nilutas ng hukbo ang matagal nang suliranin ng mga masa sa talamak na pagnanakaw ng kalabaw at iba pang hayop kung saan mga pulis at sundalo ang nasa likod. Sa rebolusyon naramdam ng kanyang pamayanan ang pagkalinga sa pamamagitan ng mga pag-aaral, serbisyong medikal at tulong sa pagpapaunlad ng produksyon na binibigay ng hukbo. Sa hukbo natuto ng ABKD, pagbasa at pagsulat si Ka Bitoy. Dito niya rin natutunan ang kalagayan ng lipunan at ang pangangailangan ng paglahok niya sa rebolusyon.

Nasaksihan ni Ka Bitoy ang pasismo ng estado sa kaniyang pamayanan nang ipatupad ng rehimeng US-Arroyo ang Oplan Habol Tamaraw sa isla ng Mindoro na nagdulot ng takot at ligalig sa kanyang lahi. Pagsapit sa tamang edad, nagpasya siyang mag-pultaym sa hukbo noong Abril 2006 bilang si Ka Bitoy.

**Pagpapanday bilang mandirigma at rebolusyonaryo**

Naging bahagi si Ka Bitoy ng isang yunit sa gawaing masa sa mga bayan ng San Jose at Magsaysay. Gumampan siya ng gawaing lohistika, gawaing pang-kultura at gawaing produksyon. Ipinakat siya sa iskwad sa gawaing produksyon para turuan ang mga Buhid ng mga paraan ng pagsasaka upang paunlarin bilang sakahan ang mga nilansag na pastuhan. Naipakat din siya sa yunit na kumilos sa mga bayan ng Magsaysay, Sablayan, Calintaan at Rizal kung saan patuloy siyang nag-aral ng mga paraan ng pagkilos sa mga eryang rekoberi, reaktibasyon at ekspansyon. Nagsanay din siya ng mga taktika sa pakikidigma at nagpanday ng sarili upang maging tunay na hukbo ng masang api.

Hindi naglaon, pinamunuan niya bilang si Ka Nixao ang yunit na kumilos sa kanyang sariling teritoryo. Sa kanilang gabay, nilabanan ng mamamayang Buhid ang Tamaraw Reservation and Expansion Program na aagaw sa lupang ninuno sa saklaw ng Rizal, San Jose, Bongabong at Mansalay. Pinangunahan din niya ang paglaban sa itatayong dam sa ilog ng Kayakyan na magpapalubog sa mga pamayanan ng ng San Jose at Rizal.

Nang ipatupad ng kaaway ang *ethnocentric approach* sa kontra-rebolusyonaryong digma nito, isa si Ka Nixao sa matiyagang naglinaw sa mga kasama at masa upang pagtibayin ang pagkakaisa sa pagtatanggol sa lupaing ninuno, sa paglaban sa terorismo ng estado at sa kawastuhan ng armadong pakikibaka.

Nagsilbing inspirasyon si Ka Nixao ng mamamayang Buhid upang tahakin din nila ang landas ng armadong paglaban. Mahigit isang platun ng mga kabataang Buhid ang nagpasya ding humawak ng armas upang ipaglaban ang kanilang lupaing ninuno.

Pinanday ang tapang ni Ka Inay-ay sa kanyang paglahok sa mga labanan mula 2007. Lumahok siya sa mga matatagumpay na ambus, reyd sa kampo, reyd-kumpiska sa *security* ng minahan, hakbang pamamarusa at paglalansag sa pastuhan.

Kinilala ng Partido ang paninindigan at husay sa gawain ni Ka Inay-ay. Bilang kadre, naging haligi siya ng ipinundar na larangang gerilya sa Kanlurang Mindoro at hinirang sa Komite sa Isla ng Mindoro noong 2024.

Larawan din si Ka Inay-ay ng mapagmahal na ama. Sa murang edad ng kanyang mga anak, iminulat niya ang mga ito sa kawastuhan ng tinahak niyang landas. Hanggat may pagkakataon, pinapapasok niya sa yunit ang kanyang mga anak upang makilala ang hukbo at matuto rito.

Minsan ding humarap sa krisis si Ka Inay-ay. Umalis siya sa hukbo upang bumuo ng pamilya at "mamuhay nang payapa." Subalit hindi rin siya mapanatag na

kasama ang kanyang pamilya habang batid niyang patuloy na naghihirap ang masa. Bumalik siya sa hukbo at naging mas masigasig pa. Nasubukan din ang kanyang paninindigan nang dumaloy sa kanyang mga kapamilya, kaibigan at kalahi ang kampanyang pagpapasuko sa kanya.

Hindi niya kailanman inisip ang pagsuko o ang pagpapasibo kahit pa nga matapos siya iwanan ng kanyang asawa. Patuloy siyang nagpakatatag sa rebolusyon. Hinarap niya ang mga hamon sa gawain at laging nasa diwa ang pagbawi sa baseng Buhid at pagpapalawak pa sa buong isla.

Inilaan ni Ka Inay-ay ang kanyang buong buhay sa pagsusulong ng rebolusyon.

Habang panahon dadakilain ng mga Mindoreño at mga katutubo ang isang Mangyan-Buhid na nagpanday sa kanyang sarili upang maging lubos na rebolusyonaryo. Pinatunayan niya hanggang sa kamatayan ang paninindigan upang palayain ang sambayanan at Kabuhiran sa pagsasamantala at pang-aapi ng nabubulok na sistema.

## KOLUM

**NDF CORNER**



**MA. PATRICIA ANDAL**

# *Ano ang internasyunal na makataong batas?*

**Sa pinakaunang araw ng taong 2026, terorismo ang binungad ng rehimeng US-Marcos II sa mamamayang Mindoreño.**

Pambobomba, istraping at malawakang operasyong militar ng pinagsanib na mga yunit ng 203rd IBde at 2nd ID ang handog ng mga pasista sa matiwasay sanang pagdiriwang ng bagong taon.

Labindalawang bomba mula sa apat na attack helicopter ang magkakasunod na hinulog sa mga komunidad ng Brgy. Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro sa loob ng tatlong oras. Nangyari ito matapos ang labanan sa pagitan ng mga sundalo at BHB. Kinitil ng karahasang ito ang buhay ng tatlong batang katutubong Mangyan-Iraya at iniwang sugatan ang kanilang ina. Walang nasawi o nasugatan sa napalabang yunit ng Pulang hukbo. Subalit, sa kasagsagan ng pamumutok at pambobomba ng mga sundalo, isang kabataang estudyante na bumisita sa kanayunan ang namatay dahil sa atake sa puso. Isa namang Filipino-American, si Chantal Anicoche na mananaliksik mula sa US, ang iligal na hinuli at diumano "natagpuan" ng mga kasundaluhan malapit sa lugar na pinaglabanan at dinetine ng isang linggo bago inilitaw. Sa buong panahong nasa kustodiya siya ng militar, ilang ulit na ginipit ang mga abogado at mga *human rights volunteer* na pumupunta sa kampo upang tulungan si Anicoche at tiyakin ang kanyang kaligtasan. Ganito din ang nangyari kay Charlize Garzon, isang aktibistang pangkultura na iligal na hinuli, ikinulong at sinampahan ng gawa-gawang kaso matapos matagpuan ng mga pasistang 68th IB sa Sityo Salafay, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro malapit sa pinaglabanan. Masaklap din ang walang awang pag-masaker sa sampung Pulang mandirigma sa Toboso, Negros Occidental na ang ilan pa nga ay wala na sa katayuang lumaban. Minasaker din ang siyam na sibilyang naroon sa lugar noong mga panahong iyon. Ang mga nabanggit sa itaas ay mga anyo ng lansakang paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Ang internasyunal na makataong batas o *international humanitarian law* (IHL) ay isang sangay ng internasyunal na batas na binubuo ng mga regulasyon, mga kasunduan at nakagawiang patakaran (*customary rules*) na nagtatakda ng relasyon sa pagitan ng mga estado, entidad at mga organisasyon na sangkot o apektado ng armadong tunggalian at digmaan. Tinatawag din itong "batas ng digmaan" o "batas ng armadong tunggalian." Layunin nito na itaguyod ang proteksyon ng mga tao, entidad o bagay na sangkot o apektado ng mga armadong tunggalian.

May dalawang mahalagang bahagi ang IHL: Una, ang tungkol sa mga sibilyan na hindi sangkot sa labanan at mga tauhan na sangkot pero wala nang kapasidad na lumaban o *hors de combat*. Nakasaad dito na ang mga sibilyan ay hindi dapat dinadamay sa mga armadong sigalot at dapat protektahan ang kanilang kagalingan. Samantala ang pagpatay sa alinmang armadong pwersa na wala na sa katayuang lumaban o *hors de combat* ay malinaw na paglabag din sa internasyunal na makataong batas. Ang ikalawang bahagi ng IHL ay tungkol sa karapatan at obligasyon ng mga partidong naglalabanan.

Tugon ang IHL sa malagim na karahasang pinakawalan ng mga imperyalistang kapangyarihan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig na sumalanta sa mga sibilyan. Matingkad dito ang

henosidyo ng pasistang si Adolf Hitler laban sa mga Hudyo at iba pang aping lahi at laban sa mga komunista, na sa esensya ay persekusyon dahil sa paniniwala. Kabilang din dito ang walang habas na pambobomba ng US sa mamamayang Hapones nang gamitin nito ang *atomic bomb* sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng sangkatauhan. Nagbunsod ito ng mga hakbang upang rebisahin ang mga naunang batas ng digmaan. Sa Geneva Conventions ng 1949 espisipikong idinagdag ang proteksyon ng mga sibilyan at nagsilbing panandang bato sa proteksyon ng mga sibilyan at mga sangkot sa labanan na wala nang kapasidad na lumaban, ang mga lumubog sa gitna ng karagatan at laluna ang mga kababaihan at bata. Pinoprotektahan din ng IHL ang mga nagbibigay ng serbsiyong medikal at humanitaryan sa panahon ng armadong tunggalian.

Sa pagputok ng mga digmang mapagpalaya laban sa kolonyalismo at mga gera sibil matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, idinagdag ang Protocol I at II noong 1977 sa mga probisyon ng Geneva Conventions. Nagkaroon ng malinaw na aplikasyon ang IHL sa mga digmaan na may internasyunal ng saklaw (*international armed conflict* o IAC) o hindi internasyunal (*non - international armed conflict* o NIAC) o digmaan na nag-aangkin ng parehas na katangian bilang IAC at NIAC.

Makabuluhan ang IHL. Layunin nitong gawing makatao ang kondukta ng digma kung hindi na maiiwasan ang armadong tunggalian. Naglatag ito ng mga prinsipyo sa digmaan upang paliitin ang salanta sa mga sibilyan at pigilan ang mga krimen sa sangkatauhan.

Nasa probisyon ng IHL na pag-ibahin ang sibilyan sa lehitimong target ng aksyong militar (*distinction rule*). Sa kondukta ng mga labanan, ipinagbawal nito ang labis na paggamit ng karahasan lampas sa aktwal na kailangan para gupuin o mapahinuhod ang katunggali sa digmaan (*proportionality rule*).




Ipinagbawal ang walang habas at walang patumanggang paggamit ng dahas na walang pinipiling target at damay ang sibilyan, sibilyan na populasyon at kanilang ari-arian. Ang misyong militar ay dapat beripikahin ang target, gumamit ng paraan ng pag-atake na iniiwasan ang pinsala sa sibilyan at maging armas na gagamitn (*precautions rule*). Sa prinsipyo ng humanidad (*principles of humanity*), ipinagbawal ang paglikha ng hindi kinakailangang pagdurusa (tulad ng kagutuman), pinsala at pangwawasak sa pagkakamit ng lehitimong layunin ng pakikidigma. Sa ganitong balangkas, ipinagbawal ang pagpatay o pagdurog sa katunggali na sumuko na, wala nang kakayahang lumaban, sugatan o may sakit. Dapat kilalanin ng mga magkatunggali ang mga karapatan ng mga nahuhuli: karapatang mabuhay nang may dignidad at karapatan sa paniniwalang pulitikal, relihiyoso at kultural. Kailangang ipatupad ito sa sibilyan man o katunggali anuman ang dahilan ng armadong sigalot.

Bahagi ng IHL ang pagkilala sa mga simbolo ng *red cross, red crescent* at *red crystal* bilang simbolo ng nyutral at walang kinikilingang tagapagbigay ng tulong para sa mga napipinsalaan ng digmaan. Pagkilala ito sa karapatan ng mga indibidwal, mula sa alinmang panig na nagtutunggalian, na magkamit ng serbisyong medikal at serbisyong humanitaryan na magpapaalwan ng pagdurusa. Ganundin, ang mga *relief operations* ng mga grupong humanitaryan sa panahon ng armadong sigalot ay hindi dapat sagkaan o ipagkait ng alinman sa naglalabanang partido.

Ang IHL ay dapat na kinikilala at tinataguyod ng lahat ng estado at gubyernong sangkot sa armadong tunggalian. Kabilang sa mga may obligasyong itaguyod ang IHL ay ang Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ang US dahil parehas silang pumirma sa mga kasunduan ito. Kaya marapat lang na singilin ang GRP at US bilang mga numero unong tagalabag ng mga prinsipyo at alituntunin ng makataong batas.

Sa Pilipinas, ipinatutupad ni Ferdinand Marcos Jr. ang National Action Plan for Unity, Peace and Development (NAP-UPD) alinsunod sa dikta ng US. Deklaradong layunin nito na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa 2028. Sa balangkas ng NAP-UPD, ipinaiilalim ang lahat ng sibilyang ahensya at institusyon sa kontrol ng AFP-PNP para magamit ang mga ito sa kontra-rebolusyonaryong digma ng gubyerno. Nagbagong-bihis at pinasahol lamang na *whole-of-nation approach* ang programang ito sa kontra-insurhensya.

Ang NAP-UPD ay walang iba kundi di deklaradong batas militar. Buong kalupitang ipinapatupad ang nilalaman ng NAP-UPD: malawakang militarisasyon ng mga komunidad, saywar, kampanyang pagpapasuko, paggamit ng labis-labis na armadong lakas gaya ng istraping at pambobomba at iba pang teroristang aksyon at paglabag sa IHL. Ipinagkikibit-

balikat ng rehimeng US-Marcos II ang pinsala at perwisyong dinudulot ng kontra-rebolusyonaryong digma nito sa mga sibilyan.

Sa pandaigdigang saklaw naman, US pa rin ang pangunahing nanlalabusaw at lumalabag sa IHL. Ngayong taon, walang kahihiyang sinalakay ng US ang Venezuela at Iran. Ang mga gerang pananakop ng US ay kinatatangian ng lansakan at sistematikong paglabag sa karapatang tao at IHL. Tingnan na lamang ang walang habas na pambobomba sa mga eskwelahan, ospital, *evacuation center* at mga sibilyang pasilidad ng Iran. Gayon din ang mga sangsyon at blokeyong pinapataw ng US sa Venezuela at Cuba. Tampok din ang masugid na suportang ibinibigay nito sa Israel na walang habas na umaatake sa Palestine, Lebanon at iba pang bansang kapanalig ng Iran. Sa lahat ng ito, kagutuman, kaguluhan at kamatayan ang dala ng US para sa mamamayan ng mga bansang kanyang pilit na pinaluluhod at sinasakop.

Nagaganap ngayon sa Pilipinas bilang lunsaran ng digma laban sa China ang paghihigpit ng US ng kontrol sa militar ng bansa. Ipinakikita nito ang lansakang panghihimasok sa Pilipinas at pagyurak sa soberanya ng bansa. Kinukumand nito ang AFP-PNP na mistulang bahagi ng istraktu-rang militar ng US. Patunay nito ang sinasabi ng rehimeng US-Marcos II na "pagpihit sa panlabas na depensa" na posturang nakikidigma na ito sa China gayong wala itong pagsisikap ng lutasin ang *maritime dispute* sa mapayapang paraan. Ang pagkukumahog nitong tapusin na ang gerang sibil sa bansa na pinamumuan ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM ay nangangahulugan ng pagpapatupad ng mas malupit, mapaniil at madugong kontra-rebolusyonaryong pagsupil sa mamamayang lumalaban.

Habang araw-araw na sumasahol ang di makatarungang digma ng imperyalismo at mga ahente nito, lumalaki ang pangangailangan na manindigan ang mga Mindoreño para sa buhay, karapatan at tunay na kapayapaan.

Dapat matapang na manindigan ang mga Mindoreño para sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas. Katumbas ito ang pursigidong paniningil sa 203rd IBde, PNP MIMAROPA at 2nd ID bilang mga nangungunang teroristang nagpapahirap sa mga Mindoreño. Marapat lang na isakdal ng mamamayan ang *commander-in-chief* ng AFP na si Marcos Jr.

Kailangang masapol na ang mga krisis at digma ng imperyalismo ang nagluluwal ng walang kapantay na terorismo at malawakang paglabag sa mga karapatang pantao sa buong daigdig. Para ipaglaban ang karapatang pantao ng mga Pilipino at kapayapaan sa bansa, dapat ipanawagan ang pagpapalayas sa presensyang militar ng US sa bansa. Ibasura ang mga kasunduang nagpapahintulot sa panghihimasok at interbensyong militar. Dapat manindigan laban sa mga gerang pananakop ng US sa buong mundo at mahigpit na makipagkaisa sa mamamayan ng Iran, Venezuela, Palestine at iba pang bansang sinasakop at inaapi ng imperyalismo.

Laban sa di makatarungang digma ng imperyalismo, dapat matatag na isulong ng mga Mindoreño at buong sambayanan ang digmang bayan. Ang digmang bayang pinamumunuan ng Partido at isinisulong ng hukbong bayan kasama ang masang api ang magluluwal ng isang tunay na makatarungan, makatao, malaya at mapayapang lipunan. Panghuli, ang pagtatagumpay ng ating matagalang digmang bayan ang siya nang pinakamalaking ambag ng mamamayang Pilipino upang makapanaig ang IHL, alisin ang mga kundisyong nagbubunsd ng digma at tamasahin ng mamamayan ang kapayaaan sa buong daigdig.

KOLUM

## Pinabagsik na terorismo ng 203rd Infantry Brigade sa Mindoro




*Ilustrasyon mula sa Pulang Bandila Ispesyal na Isyu Marso 2026*

Mula sa unang araw ng 2026, walang pagkukunwaring pinakita ng 203rd Brigade at PNP MIMAROPA ang pangil ng terorismo ng estado. Naitala ang mga kaso ng pambobomba, istraping, sapilitang pagpapabakwit, pananakot, paninira ng mga ari-arian at iba pa.

**PAMBOBOMBA AT ISTRAPING** | Naghulog ng 12 bomba sa Brgy. Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro ang pinagsamang pwersa mula sa 203rd IBde, 2nd ID at Philippine Airforce noong Enero 1. Nagsagawa rin ang militar ng pang-iistraping mula sa ere gamit ang apat na *helicopter*

mula 9:30 ng umaga hanggang 12:30 ng tanghali. Ganting reaksyon ito ng militar sa bigong pagkubkob sa isang yunit ng BHB. Napatay sa pambobomba ang tatlong batang Mangyan-Iraya habang sugatan ang kanilang ina. Nasawi rin sa pambobomba ang kabataang mananaliksik na si Jerlyn Rose Doydora matapos atakihin sa puso. Iligal naman na bininbin ng mga sundalo si Chantal Anicoche, isa ring mananaliksik na nakipamuhay sa mga katutubong Mangyan-Iraya. Napinsala din ang dalawang baka at tatlong baboy ng mga residente. Dahil sa pambobomba at istraping, napilitang lumikas ang 203 pamilya o 828 indibidwal.

Walang pakundangan ding nagpaputok at nagpasabog ang mga tropa ng 68th IB sa Sityo Danlog, Brgy. Monteclaro, SanJose, Occidental Mindoro noong noong Marso 24 matapos matalo ng isang yunit ng BHB sa labanan. Nagpalipad din sila ng *drone* para sa sarbeylans.

**HAMLETTING|** Tatlong araw na kinontrol at pinagbawalang umalis ng mga sundalo ng 68th IB ang mga residente ng Sityo Danlog matapos ang labanan noong Marso 24. Nagdulot ng matinding takot sa mga taumbaryo ang panghahalihaw ng mga sundalo. Naperwisyo rin ang kabuhayan ng mga magsisibuyas na naghahabol ng ani sa panahong ito.

**PAMBABANTA, PANANAKOT AT PANGGIGIPIT |** Patuloy na nakakaranas ng panggigipit ang mga residente ng Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro dahil sa matinding militarisasyon sa barangay. Noong Enero, pinagbantaan ng mga sundalo ng 1st IB ang isang katutubong Mangyan-Hanunuo na isa sa tumututol sa pagtatayo ng kampo sa barangay. Tumagal nang mahigit tatlong oras ang iligal na pag-interoga at pagbinbin sa kanya ng mga pasistang sundalo. Buong panahon ay pilit siyang pinapaamin na may kaugnayan sa BHB. Bukod sa takot, naabala rin ng iligal na pagbibinbin sa masa ang kanyang paghahanapbuhay.

Sa isa pang kaso, hinarang ng mga sundalo ng 1st IB ang isang residente habang siya ay nakasakay sa motor. Inakusahan siya ng mga sundalo na tumulong sa pag-atras ng yunit ng BHB na napalaban noong Agosto 19, 2025 sa Sityo Pagbok.

Buong buwan ng Marso, paulit-ulit na pinuntahan at hinaras ng mga operatiba ng 203rd IB ang dalawang residente ng Panaytayan. Abala rin sa kanilang kabuhayan ang pagmamanman sa kanila ng mga sundalo sa tuwing magtratrabaho sa kanilang mga kaingin. Ginigipit din ng mga operatiba ng 1st IB ang isa pang katutubong magsasaka mula sa Panaytayan upang piliting umamin na nakikipag-ugnayan sa BHB.

Ganito rin ang kalagayan sa iba pang militarisadong barangay: Binabalik-balikan sa kanilang mga bahay, iniinteroga, pinapatawag sa kampo, pilit na pinapaaming may kaugnayan sa BHB at pinapailalim sa sarbeylans ang mga sibilyang pinag-iinitan ng mga militar. Naitala ang mga kaso nito sa mga barangay ng Teresita at Waygan sa Mansalay at sa mga barangay ng Nasucob at San Roque sa bayan naman ng Bulalacao.

Mula noong labanan sa Abra de Ilog noong Enero, kalakaran na ng mga sundalo ng 76th IB at tropa ng RMFB (Regional Mobile Force Battalion)-PNP ang paulit-ulit na pagsadya sa mga bahay ng mga sibilyan, pag-interoga sa kanila at pamimilit na makipagtulungan sa mga operasyon laban sa BHB. Naiulat ang mga kaso nito sa mga bayan ng Paluan, Sta. Cruz at Mamburao sa Occidental Mindoro. May diin ang kanilang panggigipit at sapilitang pagpapasuko sa mga lider katutubo at mga magsasakang nakatira sa bahagi ng interior at sa mga lugar kung saan may naganap na labanan sa pagitan ng BHB at AFP-PNP.

Patuloy naman ang ginagawang panggigipit ng mga tropa ng 1st Exemplars Company at 2nd Civil-Military Operations (CMO) Battalion sa samahan ng mga magsasaka sa Brgy. Guinobatan, Calapan, Oriental Mindoro. Panunupil ito sa mga magsasakang patuloy na iginigiit ang kanilang karapatan sa lupa laban sa pangangamkam ng negosyanteng si Jolly Ting. Mula Pebrero, isang beses kada linggo nang pinupuntahan ng mga tropa ng 1st Exemplars ang mga residente. Noong Pebrero 27, nagpatawag ng pulong ang mga sundao at naglunsad ng mga *redtagging forum* at nagpakita ng mga litrato ng ilang tao mula diumano sa organisasyong Karapatan. Sa ikalawang linggo naman ng Marso ay sapilitang pinagsalita ng 1st Exemplars habang kinukunan ng video si Nanay Fely, isa sa lider ng samahan. Pinilit siyang sabihing "pinapawalang-katotohanan" niya ang deklarasyon ng Karapatan-Timog Katagalugan na nananakot ang 2nd CMO.

**ILIGAL NA PAG-ARESTO AT DETENSYON |** Noong Marso 29, iligal na inaresto ng 68th IB ang manggagawang pangkultura na si Charlize Garzon sa Sityo Salafay, Brgy. Monteclaro. Pinaratangan siya ng 68th IB na myembro ng BHB. Iligal din siyang dinetine sa kampo militar sa loob ng higit isang linggo. Napilitan lamang ang mga sundalo na ilipat sya sa San Jose Municipal Jail makatapos itong igiit ng mga kapamilya, kaibigan at tagapagtanggol sa karapatang tao. Habang nasa kamay ng mga sundalo at kahit nailipat na sa kulungan, nakaranas siya sa mga sundalo ng pananakit, mental tortyur, pananakot at pamimilit na umaming kasapi siya ng BHB. Pagkatapos nito, sinampahan din siya ng mga gawa-gawang kaso.

**ILIGAL NA PANGHAHALUGHOG |** Iligal na pinasok at hinalughog ng mga kasundaluhan ang bahay ng isang pamilya sa Brgy. Mapaya, San Jose noong Pebrero. Iligal na ininteroga ang pamilya at pinaratangang nakikipag-ugnayan sa BHB. Kinumpiska ang *cellphone* ng maybahay at iligal na inimbestigahan. Matapos nito ay tuloy-tuloy pa ring ginigipit ang pamilya upang piliting aminin ang paratang ng mga sundalo.

**PANINIRA NG MGA TANIM AT KAGAMITAN |** Sa Sityo Lopok, Brgy. Panaytayan tinampalasan ng mga pasistang sundalo ng 1st IB ang niyugan ng isang

katutubong Mangyan noong Enero. Binubutas lamang ng mga pasista ang mga bunga ng niyog at hinahayaan nang mabulok.

Noong huling kwarto ng 2025, ninakaw naman ng mga nag-ooperasyong sundalo ng 1st IB ang imbak na tubig at sinira ang igiban ng isang residente sa Sityo Abakahan sa parehong barangay. Ninakaw rin ng mga sundalo ang apat na pirasong duyan ng masa. Naiulat din sa Abakahan ang walang pakundangang paninira ng tanim na luyang dilaw ng isa pang residente. Aabot sa isang kaban na binhi ng luya ang kanyang tanim na napinsala.

**PAGLIKAS** | Napilitang lumikas ang mga residente ng Sityo Salafay, Brgy. Monteclaro matapos ang engkwentrong labanan sa pagitan ng isang yunit ng BHB at mga tropa ng 15th SRC noong Marso 29.


## KOMIKS



## KULTURA



ni Ka Lilo












Mga birthday card ni Ka Linang



— —



Sampayan ni Ka Yumi

Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

*Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph*